## Pagtulong sa ating Etniko Minoryang Komunidad

Marami sa mga etniko minorya (mga EM) ang ilang henerasyon ng nakatira sa Hong Kong at gumanap ng mga mahahalagang papel sa paghubog ng kasaysayan ng Hong Kong. Ang mga EM ay naninirahang maayos sa pamilyang Hong Kong na ayon sa kaugalian, at sila ay lubos na bahagi ng komunidad.

Ipinakikilala ng Pamahalaan ang pinahusay na mga panukala sa edukasyon, trabaho at pag-aabot sa komunidad upang tulungan ang mga EM, lalo na ang nakababatang henerasyon at mga bagong dating, na makisamang maayos sa komunidad.

## Edukasyon



Magbigay ng komprehensibong suporta para sa mga mag-aaral na EM sa pag-aaral ng Wikang Tsino

- Ang mga mag-aaral na di-nakakapagsalita ng Tsino (NCS) ay maaaring ipursige ang mga iba't ibang landas ayon sa kanilang hangarin at kasanayan sa Tsino. Magmula sa paaralang taon 2014/15, ang Kagawaran ng Edukasyon ay magbibigay ng "Chinese Language Curriculum Second Language Learning Framework" na may kasamang pang-alalay na kagamitan sa pagaaral at pagtuturo. Ito ay sinadya upang matulungan ang mga mag-aaral na NCS sa mga paaralang primarya at sekundaryo na matuto ng wikang Tsino bilang pangalawang wika na layuning magtulay sa mga mainstream na klase sa Wikang Tsino.
- Magbigay ng Applied Learning (Wikang Tsino) na asignatura na nakadugtong sa mga Antas 1-3 ng Qualifications Framework (QF) sa nakakataas na antas ng sekundaryo. Ang mga resulta ay itatala sa Diploma ng Sekundaryong Edukasyon ng Hong Kong (HKDSE).
- Ang mga NCS na mag-aaaral ay maaari ring sumali sa panukalang tulong na salapi para sa pagkuha ng pagsusulit sa Chinese sa ilalim ng Pangkalahatang Sertipiko sa Sekundaryong Edukasyon (GCSE), Pandaigdig na Pangkalahatang Sertipiko sa Sekundaryong Edukasyon (IGCSE) at Pangkalahatang Sertipiko sa Edukasyon (GCE). Ang mga resulta ay daigdigang kinikilala at tinatanggap din bilang alternatibong mga kwalipikasyon sa wikang Tsino para sa pagsasaalang-alang sa pagpasok sa mga lokal na institusyon at pamantasan pagkatapos ng sekundaryo.
- Ang mga panukala na dating pinopondohan ng Community Care Fund na nagbibigay ng pinansyal na tulong para sa mga EM na di-pumapasok-sa-paaralan at mga bagong dating mula sa Mainland na galing sa mga pamilyang may mababang-kita para sa pagkuha ng pagsusulit sa wika at para sa paglahok sa mga nakalaang kurso sa wika ng Employees Retraining Board (ERB) ay ginawang regular.
- Bumuo ng Bokasyonal na Kurso sa Wikang Tsino na kinikilala sa ilalim ng QF para sa mga NCS na huminto sa pag-aaral.
- Makabuluhang taasan ang karagdagang suportang pondo mula sa paaralang taon 2014/15 sa mga paaralan upang pangasiwaan ang pagpapatupad ng bagong balangkas sa pagaaral, na kumakatawan sa pagtaas ng halos 200% sa paglipas ng 2013/14. (Mula sa paaralang taon 2013/14, ang karagdagang pondo para sa suportang batay-sa-paaralan para sa mga NCS na mag-aaral ay ibinigay sa lahat ng mga paaralan na tumatanggap ng 10 o higit pang mga NCS na mag-aaral sa halip na doon sa tinatawag na "designated schools" lamang.) Humigit-kumulang 15 000 na mga magaaral ang direktang mabibiyayaan sa panukalang ito.
- Ilunsad ang Panukalang Professional Enhancement Grant upang mapahusay ang propesyonal na kakayahan ng mga gurong Tsino sa pagtuturo ng wikang Tsino bilang pangalawang wika sa unang sangkapat ng 2014. Itinataya na tuwing unang tatlong taon ng pagpapatupad, halos 450 na mga guro ang makikinabang sa Panukala. Kasabay nito, ang mga karagdagang mga kurso sa pagsasanay at pagbabahagi ng karanasan sa pagtuturo ng wikang Tsino bilang pangalawang wika ay ibibigay sa 2 000 mga guro mula sa halos 500 na mga paaralan na tumatanggap ng mga NCS na mag-aaral..
- Hikayatin ang NCS na mga magulang na papag-umpisahin ang kanilang mga anak na matuto ng wikang Tsino sa pangunahing yugto ng primarya. Mayroong batay sa distritong mga proyekto / mga programa upang hikayatin ang mga NCS na mag-aaral na nasa edad 3-9 na matuto ng Tsino sa pamamagitan ng nakalilibang na gawain. Ang mga NCS na magulang ay inaanyayahan ding dumalo sa Summer Bridging Programme kasama ang kanilang mga anak na pumapasok sa Primarya 1, o sumusulong sa Primarya 2, 3 o 4.

"Noong una akong dumating sa Hong Kong at natanggap sa kalagitnaang termino ng Unang Primarya sa isang malapit na paaralan, nakakapagsalita lamang ako ng Urdu. Sa kabutihang-palad, ako ay tinulungan ng aking Tsinong guro upang higit pang matuto ng talasalitaang Tsino matapos ang iskwela sa pamamagitan ng pakikinig sa radyo at panonood ng TV, na talagang aking nagustuhan. Lubhang napakasaya ko at nasabayan ko na ang aking mga Tsinong kamag-aral. Ngayon, ako ay nag-aaral sa mainstream na silid-aralan at magtutuloy na sa Unang Sekundaryo sa susunod na taon." **Khan Saqib**



## Trabaho

Pahusayin ang mga oportunidad sa trabaho para sa mga EM sa pampubliko at pribadong sector

### Mga Trabahong Pampamahalaan

- Magpatupad ng mga hakbang upang ang mga EM ay may pantay na paglapit sa mga oportunidad ng trabaho sa Pamahalaan. Kasama sa naturang panukalang ito ang pagsusuri at pag-aayos sa mga kasanayang kinakailangan sa wikang Tsino at ayos ng pangangalap para sa mga may kaugnayan sa trabahong pang-gobyerno sa batayang ang mga nababagay na kinakailangan/ayos ay ipagpapatuloy ang kasiya-siyang pagganap ng tungkulin.
- Ang pagsusulit ng pangangalap para sa mga Pulis ay binago upang hilingin na ang mga kandidato ay makapagsulat sa Ingles bilang karagdagan sa wikang Tsino para sa sitwasyong kagaya sa mga operasyon ng pulisya. Gagawaran ng dagdag na mga marka ang mga kandidato na nagtataglay ng mga kasanayan sa wikang banyaga/etniko.
- Ang mga EM ay kinukuha bilang Police Community Liaison Assistant upang mapahusay ang pag-uugnayan sa mga komunidad ng EM. Hanggang sa araw na ito, mayroong 15 posisyon ng Police Community Liaison Assistant sa 14 Distrito ng Pulisya.
- Ang format ng pangangalap para sa Assistant Officer II ng Correctional Services Department ay binago sa pamamagitan ng pagpalit sa nakasulat na pagsusulit sa Chinese ng isang panayam sa grupo.
- Ang iba pang mga serbisyong pandisiplina, tulad ng Pampamahalaang Serbisyo sa Pagpapalipad at Kagawaran sa mga Serbisyo sa Sunog, ay kumukuha ng mga hakbang upang iangkop ang mga kinakailangan sa kasanayan sa wikang Tsino o format ng pangangalap.

"Una kong nalaman ang tungkol sa trabahong pampulisya sa pamamagitan ng Yuen Long Junior Police Call at sa kalaunan ay tumanggap ng trabaho bilang Police Community Liaison Assistant. Natutuwa akong maibahagi ang aking mga karanasan sa mga komunidad ng etnikong di-Tsinong at gumanap ng aktibong papel sa trabahong pakikipag-ugnayan sa komunidad." **Mohammad Heina Rizwan**





### Mga trabahong pampribadong sektor

- Lahat ng mga sentrong pantrabaho ng Labour Department (LD) ay mayroong espesyal na mga counter upang magbigay sa mga EM ng serbisyong pagsangguni sa trabaho. Regular na naitatag ang mga payak na pagtatagubilin upang tulungan ang mga EM na maunawaan ang merkado ng lokal na trabaho at pagbutihin ang kanilang kakayahan sa paghahanap ng trabaho. Maaaring makipagkita ang mga EM sa mga Tagapayo sa Empleyo upang makakuha ng payo at mga pasadyang serbisyong pang-empleyo.
- Ang LD ay nagsasaliksik ng mga angkop na bakante para sa mga EM at nagsasagawa ng mga tanghalang pantrabaho upang matulungan ang mga EM na makakuha ng trabaho.
- Ang ERB ay nag-aalok ng mga nakalaang kurso sa pagsasanay sa Ingles para sa mga EM upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa trabaho. Upang matulungan ang mga EM na pasukin ang merkadong pangempleyo, ang mga kinatawan sa pagsasanay ng ERB ay nagbibigay din ng mga serbisyong placement follow-up sa mga nakakumpleto ng mga kursong full-time at placement-tied.
- Ang Construction Industry Council (CIC) ay mayroong mga gawaing pang-promosyon at nakikipagtulungan sa industriya ng konstruksiyon upang magsagawa ng mga tanghalang pantrabaho para mahikayat ang mga bagong dating na mga EM, at akitin ang mga manggagawang EM na nasa serbisyong konstruksiyon upang dumalo sa mga kursong pagsasanay upang mapahusay ang kanilang kasanayan.

"Ako ay naakit na sumali sa kursong pagsasanay para sa metal scaffolding na itinatag ng CIC sa nakaraang taon. Ako ay talagang natuto ng marami tungkol sa mga kasanayan sa metal scaffolding. Ngayon, ako ay isang rehistradong semi-skilled worker at nasisiyahan sa aking trabaho." **Gado Jazz**



## Pag-aabot sa Komunidad




Pagpapalakas ng mga suportang serbisyo para sa mga EM upang tulungan silang makisama sa komunidad

- Pagtatag ng mga bagong sentro ng suportang serbisyo para sa mga EM sa Kwai Tsing upang magbigay ng mga payak na klase, pagpapayo at mga programang pagsasama. Magiging anim ang bilang ng mga sentro ng suportang serbisyo, at dalawa ang sub-centre para sa mga EM.
- Magtatag ng yunit pangkabataan sa lahat ng sentro ng suportang serbisyo at sub-center upang magbigay ng mga nakalaang programa tulad ng palaro at mga gawaing pangkultura upang matulungan ang personal na pang-unlad ng mga kabataang EM.
- Magpatupad ng isang panukalang embahador ng kabataan na mangangalap ng anim na full-time at 30 part-time na mga embahador na pamilyar sa mga kultura at wikang EM at may magkatulad na pinanggalingan upang umabot sa mga kabataang EM at ibahagi ang kanilang karanasan, magbigay payo at gumawa ng pagsangguni kung kinakailangan.
- Ang Home Affairs Department ay papalakasin ang suportang lakas-tao upang ipatupad ang mga hakbanging ito sa pamamagitan ng pangangalap ng limang karagdagang kawani na pamilyar sa mga kultura at wikang EM.
- Ang Junior Police Call (JPC), na mayroong higit sa 1 900 mga miyembrong EM, ay patuloy na hihikayatin ang mga kabataang EM na sumali at tulungang palaguin ang kanilang kasanayan sa pamumuno at ikintal sa kanila ang mga positibong kaugalian sa pamamagitan ng mga gawain at pagsasanay sa JPC. Ang layunin ay upang dagdagan ang bilang ng mga miyembrong EM hanggang 2 500 sa limang taon.

"Cantonese ang pangunahing hamon para sa akin noong una akong dumating sa Hong Kong ilang taon na ang nakaraan. Aking natuklasan ang mga Sentro ng Suportang Serbisyo para sa mga EM mula sa isang programa sa TV at agad naakit sa kanilang mga serbisyo. Kumuha ako ng mga klase sa Cantonese at kompyuter doon. Lubhang nakatulong sa akin ang mga serbisyo sa aking araw-araw na buhay at maaari na ako ngayong makipag-usap sa mga lokal na taong Tsino sa simpleng Cantonese."
**Raju Shamdasani**



## Kalusugan

Tiyakin na ang pagkuha ng mga EM sa mga serbisyong pampublikong kalusugan ay hindi tinatanggihan dahil sa mga hadlang sa wika

- Ang mga serbisyong interpretasyon para sa mga pasyenteng EM ay makukuha na sa 17 mga wika sa mga pampublikong ospital at mga klinika sa ilalim ng Hospital Authority.



"Kapag nakikita ko ang mga pasyente mula sa mga pangkat ng etniko minorya, ang pakikipag-usap sa kanila ay mahirap kung minsan dahil sa hadlang sa wika. Natuwa ako ng aking malaman na kapag may isinagawang harapang pag-uusap o sa telepono kasama ang interpreter, nagiging mas madali ang komunikasyon . Mas nauunawaan ko ang kalagayan ng kanilang kalusugan at maayos din nilang nauunawaan ang paggamot." **Dr Poon**



## Pampublikong Edukasyon

Palakasin ang paguunawaan sa isa't-isa at isulong ang paglaban sa diskriminasyon

- Makipagtulungan sa RTHK upang makabuo ng mga serye ng dokumentrayo sa TV at programang pag-abot sa paaralan upang matulungan ang publiko na maunawaan ang mga kultura at kaugalian ng iba't ibang mga etniko.
- Magtatag ng isang nakatuong EM Taskforce sa ilalim ng Equal Opportunities Commission (EOC) upang isulong ang paglaban sa diskriminasyon.

"Bilang HR Director ng isang masiglang pangkat ng pandaigdigang media, malinaw kong nakikita ang mga benepisyo at halaga ng pagkakaroon ng mga kawani mula sa magkakaibang etnikong pinanggalingan. Maigting naming sinusuportahan ang Race Discrimination Ordinance na nagbabawal ng kaasalang diskriminasyon laban sa mga etnikong minorya."
**Mildred Au-yeung**



## Ang aming minimithi …

Ang Gobyerno ay namumuhunan ng karagadagang $200 milyon sa isang taon upang ipatupad ang mga programa sa itaas. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap, layunin naming ipamalas ang potensyal ng mga miyembrong EM sa aming komunidad at gawing tunay na lipunang nagpapabilang ng lahatan ang Hong Kong.

Mangyaring makipag-ugnay sa mga kinauukulang departamento para sa karagdagang impormasyon.

| | |
|---|---|
| Edukasyon: | 3540 7447 (Education Bureau) |
| Trabaho: | 2810 2639 (Civil Service Bureau) |
| | 2860 2860 (Hong Kong Police Force) |
| | 2717 1771 (Labour Department) |
| | 182 182 (Employees Retraining Board) |
| | 2100 9101 (Construction Industry Council) |
| Pag-aabot sa Komunidad: | 2835 1747 (Home Affairs Department) |
| | 2860 6157 (Hong Kong Police Force) |
| Kalusugan: | 3509 8765 (Food and Health Bureau) |
| Pampublikong Edukasyon: | 2810 2059 (Constitutional and Mainland Affairs Bureau) |

**Tanggapan ng Punong Kalihim sa Pangangasiwa at Nauugnay na Kawanihan
Enero 2014**

*Tagalog Version*

Designed by the Information Services Department
Printed by the Government Logistics Department
Hong Kong Special Administrative Region Government
(Printed with environmentally friendly ink on recycled paper)

**Mga Pangunguna sa Talumpating Pampatakaran ng 2014**

# Suporta para sa mga Etniko Minorya

